

Programa sa Paghahatid ng Pagkain ng Great Plates ng San Mateo County Dokumento ng Impormasyon

Sinimulan ni Gobernador Newsom ng California ang programa para sa paghahatid ng pagkain sa bahay para sa mga taong nangangailangang manatili sa bahay dahil sa COVID-19. Kung nararapat, makakatanggap ka ng libreng paghahatid ng pagkain sa bahay mula sa mga restawran sa iyong lugar.

Pamantayan sa Pagiging Nararapat:

EDAD

- Sinumang 65 taong gulang o mas matanda
- Sinumang 60-64 na positibo sa COVID-19
- Sinumang 60-64 na nalantad sa COVID-19 na mayroong nakasulat na katibayan mula sa medikal na propesyonal
- Sinumang 60-64 na mayroong dati nang kondisyon sa kalusugan

SUMAGOT NG “OO” SA LAHAT NG SUMUSUNOD NA TANONG:

- ✓ Naninirahan nang mag-isa o kasama ang isang iba pang nararapat na nasa hustong gulang
- ✓ Hindi tumatanggap ng mga pagkain mula sa alinmang iba pang programang pederal o estado
- ✓ Walang pamilya, mga kaibigan, o mga caregiver na makakatulong sa mga pagkain
- ✓ Hindi makapaghanda o makakabili ng mga pagkain
- ✓ Mayroong mababang kita na \$74,940 para sa isang tao

Kung nararapat ka, mangyaring tawagan ang Hotline para sa Mga Serbisyo sa Matanda at Nasa Hustong Gulang, 1-800-675-8437.